JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Mosunod sa Hustong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**


Zest for Progress
Zeal of Partnership

**2**

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1:
## Salamat po Panginoon!



**Pangalan:** ________________________________

**Baitang at Seksyon:** ________________________

**Paaralan:** ________________________________



## Alamin

Magandang buhay mag aaral!

Mahalaga na tayo ay marunong magpasalamat sa mga biyayang ating tinanggap,tinatatanggap at tatanggapin. Magpasalamat tayo sa lahat ng bagay na binigay sa atin ng Panginoon.

1.1 Nakapagdarasal at nakapagpapahalaga bilang pasasalamat sa mga biyayang tinanggap, tinatanggap,at tatanggapin. EsP2PP-Iva-D-5



## Subukin

Isulat ang salitang **TAMA** kung ang pahayag ay tungkol sa pagpasalamat, **MALI** naman kung hindi.

_______1. Ipagdasal ko ang kagalingan ng aking pinsan na nagkasakit.

_______2.Bibigyan ko ng sobra kong baon sa eskwela ang batang pulubi.

_______3. Inaksayahan ko ang pagkain dahil marami kaming pera.

_______4. Dinadasal ko na sana kami lang ang bigyan ng biyaya para palagi kaming busog.

______5. Magpapasalamat dahil sa mga biyayang binigay ng Panginoon sa atin.

| Modyul 1 | Salamat po Panginoon! |
| --- | --- |

Sa araling ito matutukoy mo ang mga dapat mong gawin upang maipakita ang pagbibigay halaga sa mga biyayang pinagkaloob ng Poong Maykapal sa atin.



# Balikan

Panuto: Pag-aralan ang sumusunod na sitwasyon. Bilugan ang titik ng sitwasyong nagpapakita ng pagpapanatili sa kalinisan at kaayusan ng pamayanan.

1. Ano ang dapat mong gawin na iniwanan ng kasama mo ang balat ng lansones sa upuan?

A. Ikakalat ko ang mga balat sa palaruan.
B. Iiwanan ko ang mga balat sa upuan.
C.Pupulutin ko ang mga balat at itatapon ko sa basurahan.

2. Ano ang dapat mong gawin sa inyong mga basura na nasa bakuran?

A. Sasabihin ko kay tatay na sunugin na lang ang mga basura.
B. Paghihiwalayin ko ang nabubulok at di-nabubulok na basura.
C. Itatapon ko sa tabi ng ilog ang mga basura.

3. Ano ang dapat mong gawin kung kayo'y uuwi na galing sa pagligo sa isang resort at nakita mong abala ang mga magulang mo sa pagligpit ng inyong mga gamit?

A. Panonoorin ko sila tatay at nanay sa kanilang ginagawa.
B. Pupulutin ko ang mga basurang nakakalat at itatapon sa tamang lalagyan.
C. Tatawagin ko ang janitor upang linisin ang lugar na aming ginamit.

4. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** mo dapat gawin kung nagkaroon ng baha sa inyo at matapos mawala ang tubig ay nagkalat na ang mga basura?

A.Lilinisin ko ang mga basura na nasa harap ng aming bahay.

B. Maglalaro ako ng bangkang papel sa kanal.

C.Tutulungan ko ang aking pamilya sa paglilinis ng aming harapan.

5. Ano ang dapat mong gawin kung tinatapon ng kapatid mo ang balot ng kendi na kanyang kinakain sa parke?

A. Hahayaan ko na lang ang kapatid ko na itapon ang plastik.

B. Pagsasabihan ko siya na huwag ikalat ang plastik.

C. Itatapon ko na rin kahit saan ang basura ko.



## Tuklasin

Basahin ang kuwento.

### Ang Kaarawan ni Karla

Araw ng Linggo maagang nagising si Karla. Ito ang kanyang ika-pitong taong kaarawan. Subalit malungkot siya dahil hindi siya nabilhan ng manikang de baterya na naglalakad na nakita nila sa mall noong nakaraang buwan dahil sa may kamahalan ito. Bagkus ay binilhan lamang siya ng manika na nakita ng nanay niya sa bangketa. Napangiti si Karla sa kanyang nanay Lina at nagpasalamat ito sa kanyang munting regalong natanggap sa kanyang kaarawan. Pagkatapos ng kanilang pag-uusap ay nagpunta na sila sa simbahan. Pagdating nila sa simbahan ay nakita ni Karla ang isang batang putol ang kaliwang paa na akay-akay ng

kanyang tatay sa pagbaba sa traysikel. Nasabi ni Karla sa kanyang sarili na masuwerte pa rin pala ako, kasi kumpleto ang parte ng aking katawan. Salamat Panginoon sa biyayang pinagkaloob mo sa akin at ipinapanalangin ko po na tulungan mo rin ang batang may kapansanan na maging masaya.

Sagutin ang sumusunod na tanong?

1. Bakit malungkot si Karla sa kanyang ikapitong taong kaarawan?______________________________
2. Dapat ba tayong magdasal ng pasasalamat sa ating biyayang natatanggap mula sa Panginoon? Bakit?___________________________________



## Suriin

Tayo ay dapat nagdadasal ng pasasalamat sa Panginoon sa mga biyaya na ating natanggap, tinatanggap, at tatanggapin araw-araw. Pahalagahan din natin at igalang ang mga bagay na gawa Niya tulad ng mga halaman,hayop at iba pang gawa ng Diyos.



## Pagyamanin

**Panuto**: Iguhit ang☆kung **Tama** at ◇ **Mali** ang sinasabi ng sumusunod na pangungusap. Isulat sa patlang ang inyong sagot.

______1. Ibinabahagi ko sa kapwa ko bata ang aking mga laruan na hindi ko na ginagamit.

______2. Nagbibigay ako ng tulong sa mga pulubi at may kapansanan.

______3.Inaapakan ko ang mga halaman sa parke at paaralan.

______4. Binabato ko ang mga ibon na makikita ko.

______5.Nagdarasal ako bago matulog at pagkagising sa umaga.



# Isaisip

Bilugan ang letra ng tamang sagot na nagpapakita ng pagbibigay halaga at pasasalamat sa mga biyayang mula sa ating Panginoon.

1. Nagsimba ang buong pamilya ninyo. Ano ang dapat mong gawin sa loob ng simbahan?
   A. Maglaro B. Magdasal C. Mag-ingay
2. Napansin mong may namamalimos na pulubi sa labas ng inyong paaralan. Ano ang dapat mong gawin?
   A. Sisigawan B. Pandidilatan C. Bigyan ng kung anong meron ako.
3. Ano ang dapat gawin ng mag-anak bago at pagkatapos kumain?
   A. Magdasal kami. B. Kakain at aalis na. C. Wala lang
4. Pinapatulog ka na ng nanay mo dahil gabing-gabi na. Ano ang gagawin mo bago matulog?
   A. Kakain muna ng tsitserya. B.Magdasal muna. C. Matulog na kaagad.
5. Nakatanggap ka nang regalo sa iyong kaarawan. Paano mo maipapakita ang iyong pasasalamat.?
   A. Masayang tatanggapin ang regalo at magpasalamat.
   B. Sisigawan ko ang nagbigay dahil pangit ang kanyang regalo.
   **C.** Kunin ko lang ang regalo at tingnan lang siya**.**



# Isagawa

Piliin sa mga larawan sa ibaba ang mga sitwasyon na nagpapakita ng pagpapasalamat sa mga bagay na


bigay ng Diyos. Isulat sa loob ng kahon ang √ (tsek) kung ito ay tama at **X** (ekis) kung hindi tama.

1

shorturl.at/ls

2

shorturl.at/fj

3

shorturl.at/jkB17

4

shorturl.at/hw

5

shorturl.at/btDG9



# Tayahin

Bilugan ang letra ng dapat mong gawin upang maipakita ang pagbibigay halaga at pagpapasalamat sa mga biyaya ng Panginoon.

1. Bilang isang star skawt, ano ang dapat mong gawin kung may nakasabay kang isang batang pilay na naghihintay din ng sasakyan. ?
   A. Uunahan ko siyang sumakay sa dyip.
   B. Titingnan ko siya kung paano siya sumakay.
   C. Aalalayan ko siya sa kanyang pagsakay.
2. Ano ang tamang gawin kung ikaw ay galing sa paaralan at gutom na gutom na at nakita mong nakahanda na ang pagkain?
   A. Uupo ka at kakain agad
   B. Magdasal muna ng pasasalamat sa biyaya na natanggap sa harap ng hapag kainan bago kakain.
   C. Titikman ko ang mga pagkain habang nag uusal ng panalangin.
3. Tuwing gabi matapos mong gawin ang takdang-aralin, nakakaramdam kami ng antok.
   Ano ang iyong gagawin bago matutulog?
   A.Magdadasal muna bago matulog.
   B. Matutulog na agad dahil antok na antok na ako.

C. Maglalaro muna ako ng selpon bago matulog.
D. Nakalimutan ko na ang pagdasal.

4.Tuwing Linggo kaming mag –anak ay nagsisimba at umuupo na malapit sa altar.
A. Nagdadasal ako ng taimtim bilang pasasalamat sa mga biyayang akong natatanggap
B. Nakikipagkulitan sa aking kapatid sa loob ng simbahan
C.Natutulog sa loob ng simbahan dahil antok pa ako.
D. Makipagkulitan sa katabi.

5. Nalimutan ng iyong kuya na pakainin ang kanyang mga alagang aso.
Ano ang iyong nararapat gawin?
A. Papakainin ko dahil baka sila mamatay sa gutom.
B. Hihintayin ko na lang bumalik ang aking kuya para siya ang magpakain.
C.Palalabasin ko siya sa bakuran upang maghanap siya ng pagkain.
D.Hahayaan ko na lang siyang magutom.

**Sanggunian:**

https://thumbs.dreamstime.com/z/cartoon-family-having-breakfast-eating-table-clip-art-vector-illustration-simple-gradients-some-

https://pngtree.com/freepng/woman-lying-on-the-bed-play-cell-phone-comic_3919648.html
https://cdn2.momjunction.com/wp-content/uploads/2019/03/Hurry-to-praya.jpg
https://cdn2.momjunction.com/wp-content/uploads/2019/03/Hurry-to-praya.jpg
https://www.gograph.com/vector-clip-art/angry-child.html

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Cherry C. Maquintura
Editor: Rethel Ann Dadulo
Mary Grace A. Hore
Tagasuri: Baby Aida S. Awang, Jerlyn Faith B. Gitalan
Mona Lisa M. Babiera, Ed.D
*Education Program Supervisor*
Tagapamahala:
Evelyn F. Importante
OIC-CID Chief EPS
Aurelio A. Santisas
OIC-Assistant Schools Division Superintendent
Jerry C. Bokingkito
OIC-Assistant Schools Division Superintendent
Dr. Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
OIC-Schools Division Superintendent